# ANIM NA LIBONG (P6,000.00) PISONG GANTIMPALA SA MAGSISIPAGTAGUMPAY

—— o ——

Ang pagdaraos ng timpalak-patanyagan nitong BULAKLAK PUBLICATIONS, sa paghirang ng mga dilag na siyang gagawing sagisag sa taong 1953, ay muling binubuksan ngayon at sisimulan ang pagtanggap ng mga kandidata sapul sa araw ng pagkakalathala ng alituntuning ito.

## *PATAKARAN AT ALITUNTUNIN:*

1. Ang timpalak patanyagan sa pagka "Bb. BULAKLAK NG TAONG 1953", ay magsisimula sa unang araw ng Enero, 1953. Ang lahat ng mambabasa ng mga babasahing inilalathala nitong BULAKLAK PUBLICATIONS at maging hindi man, ay may layang makapagpatala ng kanilang kandidata. Ang sinumang kandidatang ipapasok, ay kailangang maging isang dilag na ipagkakapuri at may malinis na kabuhayan kahit na maralita. Ang gulang ay hindi kukulangin sa labing-anim (16) at hindi naman hihigit sa (25) dalawampu't limang taon: Kailangang nakatapos ng elementarya sa paaralang-bayan o pribado. Ang kandidatang kilalaning opisyal nitong BULAKLAK PUBLICATIONS, sakaling mag-asawa o magkaroon ng kadahilanang hindi maiiwasan, ay maaaring palitan ng ibang kandidata ng lider na nagpasok sa kanya, upang huwag masayang ang boto ng dating kandidata. Nguni't kung mag-uurong ng kandidatura, ang lahat ng botong nauukol sa nasabing kandidata, ay pawawalang kabuluhan ng Lupon Sa Timpalak. *Ang sinumang kandidata, lider o tagapagtaguyod na maghangad labagin o lumabag kaya sa mga ALITUNTUNIN AT PATAKARANG panloob ng timpalak ay ITITIWALAG ng Lupon ang nasabing kandidata o ang kinauukulan.*
2. Ang pagtanggap ng mga kandidata, ay bukas simula sa pagkakalathala nito hanggang *ika-31 ng Disyembre,* 1952 na ibabatay sa tatak ng koreo dito sa Maynila. Ang sinumang mahuli sa takdang panahon ay hindi na pahahalagahan ng Lupon Sa Timpalak.
3. Upang kilalaning opisyal ang kandidatang isasali sa timpalak, ay kailangang lakipan ng larawan ng kandidata (*tarheta postal* (5" x 7") *ang kupon sa ibaba nito kasama ang halagang kabayaran sa isang taong suskrisyon ng alinman sa apat na babasahin at ipadala sa Lupon Sa Timpalak.*
4. Sapul sa Disyembre, 1952 ang bawa't labas ng BULAKLAK at ALIMYON ay magkakaroon ng Balotang pangkaraniwan na katumbas ng (30) tatlumpung halal. Ang BULAKLAK KOMIKS at MANILA KLASIKS ay may balota ring katumbas naman ng 20 halal. Bukod sa Balotang pangkaraniwang makukuha sa BULAKLAK, ALIMYON, BULAKLAK KOMIKS at MANILA KLASIKS, ay makapagtatamo rin ng mga BALOTA ESPESYAL sa mga tiket ng sayawan at suskrisyon sa alinman sa apat na babasahin, na gaya nitong sumusunod:

*Isang taong suskrisyon:*

| | | |
|---|---|---|
| BULAKLAK . . . | P13.00 — 2,000 | Halal |
| ALIMYON . . . . . . . | 13.00 — 2,000 | " |
| BULAKLAK KOMIKS . . | 5.00 — 1,000 | " |
| MANILA KLASIKS . . . . | 5.00 — 1,000 | " |

*Kalahating taong suskrisyon:*

| | | |
|---|---|---|
| BULAKLAK . . . . . . | P 7.00 — 800 | Halal |
| ALIMYON . . . . . . . | 7.00 — 800 | " |

5. Ang bilangan ay gagawing minsan sa isang buwan, sang-ayon sa mamarapatin ng Lupon Sa Timpalak, at ang mga balita at ulat, ay ilalathala sa babasahing ito.
6. *Ang HULING BILANGAN ay gaganapin sa huling araw ng Linggo ng Nobiyembre* 1953, *at ipipinid ang URNA sa ganap na ika* 2:00 *ng hapon. Orasan ng Lupon Sa Timpalak ang kikilaning opisyal.* Sinumang mahuli sa takdang araw at oras, ay hindi pahahalagahan ng Lupon Sa Timpalak.
7. Ang kandidatang magtatamo ng pinakamaraming boto o halal sa huling bilangan ay tataguriang Bb. BULAKLAK NG 1953. Ang pangalawa ay BB. ALIMYON NG 1953. Ang pangatlo ay BB. BULAKLAK KOMIKS NG 1953. Ang pang-apat ay BB. MANILA KLASIKS ng 1953, at pagkakalooban ng mga pabuyang salapi na gaya nito:

| | |
|---|---|
| UNA — "BB. BULAKLAK NG 1953" . . . . . . . . . | P2,500.00 |
| PANGALAWA — "BB. ALIMYON NG 1953" . . . . | 1,500.00 |
| PANGATLO — "BB. BULAKLAK KOMIKS NG 1953" . . | 1,000.00 |
| PANG-APAT — "BB. MANILA KLASIKS NG 1953" . . | P1,000.00 |
| Kabuuan . . . . . . . . . | P6,000.00 |

Bukod sa mga gantimpalang nabanggit sa itaas ay pagkakalooban pa rin ang apat na dilag na mangunguna, ng mga handog o kaloob ng iba't ibang bahay-kalakal na tumatangkilik sa mga babasahing inilalathalá ng BULAKLAK PUBLICATIONS, kung mayroong ipagkakaloob.

Magkakaroon ng malalaking sayawan bago matapos ang timpalak, bilang parangal sa mga kandidata.

8. Ang pagdiriwang o parangal sa apat na piling dilag ng taon ay gaganapin sa isang tanyag na pook o bulwagang katangitangi sa lunsod nitong Maynila, na mamarapatin ng Lupon Sa Timpalak at gugugulan ng pangasiwaan nitong BULAKLAK PUBLICATIONS.
9. Sinuman sa apat na dilag ang tumangging dumalo sa gabi ng pagdiriwang, ay hindi magtatamo ng gantimpala maliban kung ang hindi pagdalo, ay lubhang makatuwiran; katulad ng pagkakasakit o pagkamatay.

KUPON ——————————

LUPON SA TIMPALAK PATANYAGAN
BULAKLAK Publications
935-939 R. Hidalgo, Maynila

Ang nakalakip na larawan ay si ........................ ........................................................ ........................ T. Postal (5" x 7") may——— taong gulang. Nakatapos o nag-aaral sa .................. Anak nina G. at Gng. ........................................ Ipinapasok kong kandidata sa pagka BB. BULAKLAK NG 1953. Kalakip din ang halagang P............ kabayaran sa suskrisyon ukol sa (BULAKLAK) (ALIMYON) (BULAKLAK KOMIKS) (MANILA KLASIKS). Ipadala ang sipi sa pangalang ........................................ Tirahan ................................................

........................................ ..................

Lider: Tirahan: